



Si Janet Bantog, mula sa Goa Branch ng CARD Bank sa Camarines Sur, ang ika-1 milyong kliyente ng CARD na naka-rehistro sa konek2CARD.

konek2CARD, nakapagtala na ng isang milyong registered users; BSP nagbigay pagbati

ni Chin Sanigan

Noong Hunyo 28, 2021 ay naitala ng konek2CARD mobile banking app ang ika-1 milyong registered users nito matapos ang isang agresibong kampanya na inilunsad sa pagsisimula ng taong 2021. Unang nakakitaan

ng pagtaas ng bilang ng mga nagparehistro ang konek2CARD noong Mayo 2021 na may 808,373 users. Ilan sa mga promosyong isinagawa sa inilunsad na kampanyang “Saya ng Buhay, Level App” ay ang registration and usage

promos at ang paligsahan sa pagsayaw sa saliw ng kapana-panabik na konek2CARD jingle.

Ang CARD Bank, na nagpasimula ng konek2CARD noong 2016, ang nakakuha ng pinakamaraming dami

ng nagparehistro na may 557,913. Sinundan ito ng CARD SME Bank na may 273,974, CARD MRI RIZAL BANK na may 168,187, at CARD, Inc. (A Microfinance NGO) na may 754. Ang mga pampinansyal na institusyon ng CARD

MRI ay nakalikom ng 1,000,828 registered user at patuloy pang nadadagdagan hanggang ngayon.

Pagbabago sa ating pamumuhay

Layon ng konek2CARD na ilapit ang mga serbisyon

► 2



Kasama sa pagdiriwang ng pagbubukas ng CARD RBI sa Antipolo, Rizal ang mga miyembro ng pamunuan ng CARD. Mula kaliwa patungong kanan: CARD RBI Vice President for Finance Anna Lorraine Maur, CARD MRI Managing Director at CARD RBI Chairman of the Board Aristeo Dequito, CARD RBI President and CEO Elma Valenzuela, CARD RBI Vice President for Operations-OIC Ma. Adoracion Ola, CARD RBI Executive Vice President Juliana De Leon, at CARD RBI Assistant Vice President for Operations-OIC Marites Pedraja.

Ika-36 na sangay ng CARD RBI, binuksan sa Antipolo City, Rizal

ni Chin Sanigan

Upang palawakin pa ang serbisyo nito sa Luzon lalo na sa CALABARZON, binuksan ng CARD MRI RIZAL BANK, Inc. (CARD RBI)

ang ika-36 na sangay nito sa Provincial Road, Dona Naty, Brgy. Dalig, Antipolo City, Rizal noong Hulyo 19, 2021.

► 2

CARD Astro, nagdiwang ng kanilang ikalawang anibersaryo

ni Vian Aranza

Nagdiwang ang CARD MRI Astro Laboratories, isa sa mga institusyon sa ilalim ng CARD MRI, ng kanilang ikalawang anibersaryo noong Agosto 6, 2021. ang CARD Astro ay naging isa sa mga pinakamalalahagang institusyon ng CARD MRI lalo't higit sa pagharap natin sa pandemya.

► 3

Mag-aaral ng CMDI, nagsipagtapos; panibagong taong panuruan pinasinayaan

ni Chin Sanigan

Isang panibagong taong panuruan ang sinalubong ng CARD-MRI Development Institute, Inc. (CMDI) sa pagtatapos ng School Year 2020-2021. Ang pagtatapos ng mga mag-aaral na may temang “Championing the Nation’s Future”, ay isinagawa noong Hulyo 22 para sa CMDI Tagum at Hulyo 23 naman para sa CMDI Bay campus. Ang birtwal na pagpupulong naito ay ipinalabas ng live sa Facebook.

Sa isang birtwal na pagdiriwang sa pagtatapos ng semestre ng CMDI, nagbigay si Senior Executive Vice President/Chief Operating

Officer Dr. Edzel A. Ramos ng mensahe para sa mga mag-aaral. “Salamat sa pananatili at pagtiwala ninyo sa CMDI. Hangad namin na nakapag-iwan kami sa inyo, hindi lamang ng kaalaman at kahusayan, ngunit lalo’t higit ang pagmamahal sa kapwa at paggawa ng mga bagay para sa kanila nang hindi naghahanap ng ano mang kapalit. Ito ang ilan sa mga itinuturo ng CARD upang matapos ang kahirapan sa Pilipinas at makamit ang isang mabuting hinaharap para sa ating mga miyembro

► 3

**MAGBASA
MATUTO
KUMILOS
PARA SA PAGBABAGO**



Basahin ang Sulong sa mahigit 3,000 opisina ng CARD MRI sa buong bansa. Mapapanood din ang video version nito sa aming official FB page @PublishingHouseInc.

konek2CARD, nakapagtala na ... ◀1

pambangko sa mga kliyente nito, lalong-lalo na sa panahon ng pandemya. Kalakip ng mga serbisyong gusto nitong ibahagi ay ang pagbibigay ng impormasyon ukol sa iyong *savings*, balanse ng *loan*, at *mini-statement*, paglilipat ng salapi mula isang *bank account* papunta sa isa pa, pagbabayad ng *bills*, at pagbili ng *e-load*. Samantala, ang pagde-deposito o *cash-in* at pagwi-withdraw o *cash-out* sa pamamagitan ng *agents* ay posible na rin sa konek2CARD. Ang mga serbisyong ito ay nagbibigay ng karagdagang kaginhawaan sa mga kliyente ng CARD lalong-lalo na sa panahong kailangang sumunod sa mga alituntuning pangkalusugan at pangkaligtasan.

Dahil sa positibong pagtanggap sa aplikasyong pambangkong ito, binigyang-diin ni CARD MRI Founder and Chairman Emeritus Dr.

Jaime Aristotle B. Alip ang kahalagahan ng konek2CARD sa panahon ng COVID-19.

“Kami’y nagagalak sa patuloy na pagyakap ng ating komunidad sa ating mga inisyatibo. Tayo ay nananatiling kaisa ng ating gobyerno sa pagsisiguro na ang ating mga transaksyon ay ligtas para sa ating mga kliyente. Naniniwala akong ito na ang simula ng ating matagumpay na paglalakbay patungo sa pagtulong sa mga komunidad na hindi pa naaabot ng ating serbisyong pampinansyal at pambangko,” ani Dr. Alip.

Samantala, nagpaabot din naman ng kaniyang pasasalamat si CARD MRI Managing Director Aristeo A. Dequito para sa mga tumatangkilik sa konek2CARD.

“Habang tayo ay sumusunod sa mga patakaran ng gobyerno, ipinagpapatuloy

natin ang pagbibigay tulong at ginhawa sa ating mga kliyente sa pamamagitan ng konek2CARD. Nagpapasalamat kami sa aming mga kliyente sa patuloy na pagtitiwala sa konek2CARD, at nawa’y ang aplikasyong pambangkong ito’y manatiling kaagapay ninyo para sa inyong mga pangangailangan,” pahayag ni Dequito.

Daan patungo sa kaginhawahan

Ang konek2CARD ay hindi lamang dinisenyo upang panatilihin ligtas ang mga kliyente nito. Ito rin ay isang instrumento upang maparanas sa mga Pilipino ang mga dekalidad na pampinansyal na produkto at serbisyo ng CARD MRI. Bilang isang platapormang ginagamit ng apat na pampinansyal na institusyon ng CARD MRI kabilang ang CARD,

Inc. (A Microfinance NGO), CARD Bank, CARD SME Bank, at CARD MRI RIZAL BANK, ipinagpapatuloy ng konek2CARD ang layunin nitong magbigay ng serbisyong pambangko sa mga komunidad na nasa malalayong lugar sa Pilipinas.

Ayon kay CARD Bank President and CEO Marivic M. Austria, “Simula pa lamang noong 2016, nakita na namin kung paano babaguhin ng konek2CARD ang buhay ng ating mga kliyente at komunidad sa paglipas ng panahon. Parte ito ng ating *financial inclusion initiative* upang masigurong walang maiiwan lalo na sa makabagong panahong ito.”

Sa pamamagitan ng mga konek2CARD agent na matatagpuan mismo sa kanilang komunidad, abot-kamay na ng mga kliyente ng CARD MRI ang mga

pampinansyal na transaksyon. Dahil sa gaanatdaling paggamit nito, marami pang mga miyembro ang nagparehistro sa aplikasyong pambangkong ito na siya namang nagbigay ng kontribusyon sa tagumpay ng kampanyang “Saya ng Buhay, Level App.” Hanggang Hulyo 2021, ang CARD MRI ay may 11,621 konek2CARD agents sa buong Pilipinas.

“Sa pag-abot natin ng isang milyong *registrants* sa konek2CARD, makikita natin kung gaano kaimportante ang *digital transformation* sa ating paglalakbay sa pagsugpo ng kahirapan sa Pilipinas,” ani CARDSME President and CEO Cynthia Baldeo na nanguna sa kampanyang ito. Dagdag pa niya, “Napakahalaga ng ating konek2CARD agents, *operations staff*, at *executives* upang gawin itong posible.”

Positibo rin naman si

► 9

Ika-36 na sangay ng CARD RBI... ◀1

Ang kauna-unahang pagbubukas ng CARD RBI sa taong ito ay pinasinayaan kasama sina Rizal Province Board Member Alexander Marquez at Kagawad Nixon Aranas na nagparating ng kani-kanilang mensahe para sa mga dumalo.

Samantala, kasama rin naman sa pagdiriwang si Dr. Jaime Aristotle B. Alip, ang Founder at Chairman Emeritus ng CARD MRI, na nagpahayag naman ng kaniyang positibong pananaw ukol sa mga inisyatibo ng CARD RBI, lalong-lalo na sa patuloy na pagpapalawak ng serbisyo nito mula Luzon, Visayas, at Mindanao. Hinimok din naman ni Dr. Alip ang lahat ng dumalo na sumali sa *digital* na inisyatibo ng CARD MRI sa pamamagitan ng konek2CARD, isang aplikasyong pambangko na hinahayaang gumawa ng

transaksyong pambangko ang mga kliyente at kawani nito kahit nasa loob lamang sila ng kanilang tahanan.

“Habang tayo ay nasa kasagsagan ng pandemya, nandyan ang CARD RBI upang magbigay nang mas ligtas at mas madaling pamamaraan ng pagbabangko. Ipagpapatuloy natin ang ating layunin na bigyan nang mas maginhawang buhay ang marhinalisadong mga komunidad sa pamamagitan ng pagsabay sa makabagong teknolohiya habang tayo’y nakaangkla sa ating *core values*,” ani Dr. Alip.

Nabanggit din naman ni CARD RBI President and CEO Elma Valenzuela ang konek2CARD sa kaniyang maikling talumpati. Aniya, “Tayo ay umaasa sa konek2CARD at sa mga ibinibigay nitong benepisyo sa atin. Tinitiyak ko na

pagtungtong niyo sa bangkong ito, patuloy naming ilalapit sa inyo ang *digitization*.”

Ibinahagi rin ni Valenzuela ang mga inisyatibo ng mga Account Officer nito na magdala ng *Android tablets* para sa pagpaparehistro bilang miyembro at pati na rin sa pagpapasa ng *loan applications* habang bumibisita sila sa kanilang center. Dahil dito, mas madali na ang transaksyon ng mga AO sa kanilang mga miyembro.

Dumalo rin sa simpleng selebrasyong ng pagbubukas sina CARD MRI Managing Director at CARD RBI Chairman of the Board Aristeo A. Dequito na nag-iwan din ng mensahe para sa mga kawani at kliyente nito. “Hindi kami tumitigil sa CARD MRI na bumuong mga bagong produkto at serbisyo na makatutulong upang tapusin ang kahirapan

sa Pilipinas. Ipagpapatuloy namin ang pagbuo ng mga ito upang matugunan ang pangangailangan ng aming mga kliyente. Sasamahan ko ang CARD RBI upang maisagawa ang layuning ito,” pahayag ni Dequito. Sa pagtatapos ng munting pagdiriwang, nabanggit din ni Dr. Dolores M. Torres, ang senior management adviser ng CARD MRI at CARD RBI Vice-Chairman of the Board, ang kanilang ugnayan sa kanilang mga miyembro at ang kahalagahan nito sa kanilang operasyon. “Mula Lunes hanggang Biyernes, nagsasagawa ng *field visit* ang ating mga *officer*. Mahalaga sa amin na maramdaman ng ating mga nanay ang ating presensya sa kanilang buhay. Gusto naming ipakita sa kanila na hindi hadlang and pandemya upang abutin ang ating mga miyembro at tulungan sila sa abot ng ating makakaya. Samantala, sinigurado naman ng mga dumalong kawani at kliyente ng CARD na sundin ang mga *health protocol* sa pagbubukas ng sangay ng CARD RBI sa Antipolo.

Mga Target at Inisyatibo

Sa isang panayam, inilahad ni Valenzuela ang ilan sa mga inisyatibo ng CARD RBI para sa bagong sangay nito sa Antipolo. Aniya, magsasagawa sila ng brigada konek2CARD upang himukin ang mga miyembro nito sa mga barangay at center na magparehistro sa aplikasyong

pambangkong ito. Mula rito, target nilang magparehistro ng 60% ng kanilang mga kliyente ngayong taon. Upang makamit ito, ipagpapatuloy ng CARD RBI Antipolo ang pag-aalok ng cellphone loan upang makapagparehistro ang mga kliyente nito sa konek2CARD.

Dagdag pa ni Valenzuela, ipagpapatuloy nila ang pagtulong sa 47 konek2CARD agents at 100 *merchants* na makakasama ng CARD RBI sa inisyatibo nitong tulungan ang mga nasa barangay na kailangan ng mas mainam na serbisyong pambangko.

Kasabay nito, isasakatuparan na rin ng CARD RBI ang CARMELA Chatbot nito ngayong taon upang tulungan ang mga kliyente nitong mag-apply ng *loan* sa pamamagitan lamang ng Facebook Messenger. Ang sangay ng CARD RBI sa Antipolo City ay kasalukuyang may 8,200 kliyente sa anim na unit. Layunin nitong mapalago pa ang mga kliyente nito sa 10,000 hanggang sa Disyembre 2021 at magdadagdag pa ng apat na unit sa 2022.

Itinatag noong 2013, ang CARD RBI ang pinakabatang bangko na kabilang sa grupo ng CARD MRI. Layunin nitong tulungan ang mga marhinalisadong pamilya sa Pilipinas sa pamamagitan ng pagbibigay ng serbisyong pampinansyal, seguro, at iba pang mga serbisyong makatutulong sa pagsugpo ng kahirapan sa bansa.





CARD Astro, nagdiwang ng ... ◀1

Sinusuportahan ng Laboratoryo ang CARD MRI at ang mga kliyente nito sa pamamagitan ng mga produkto nitong pandisimpekta tulad ng *alcohol*, *hand soap*, at *dishwashing liquid*. “Sa gitna ng *panic buying* ng mga *alcohol* ngayong pandemya, patuloy na hinahatiran ng CARD Astro ng mga produktong pandisimpekta ang higit 3,500 opisina ng CARD MRI sa buong bansa. Sa pamamagitan ng aming mga produkto, nananatiling mas protektado ang mga kawani at kliyente sa mga sangay ng CARD MRI laban sa panganib na dala ng COVID-19,” ani CARD Astro Laboratories President Maria Gracia Q. Contreras.

Paglawak at pag-unlad

Noong Abril 28, 2021, natanggap ng CARD Astro ang kanilang License to Operate (LTO) mula sa Food and Drugs Authority (FDA). Mula sa lisensyang ito, mas mapagaganda pa ng Laboratoryo ang kanilang mga produkto at serbisyo para sa publiko. Para sa mga kompanya gaya ng CARD Astro, maaari na nilang maipakilala at maibenta ang kanilang mga produkto sa mas malawak na merkado dahil sa pagkakaroon ng LTO.

Kasunod ng pagkakaroon ng LTO, binuksan ng CARD Astro ang bago nitong laboratoryo na matatagpuan sa Brgy. Tranca, Bay, Laguna noong Mayo 10, 2021. Kinilala naman ni CARD MRI Managing Director Aristeo A. Dequito ang mga natamong tagumpay ng kompanya. “Napapanahon ang mga nakakamit ng CARD Astro. Sa pagtanggap nila ng LTO, maaabot na ng kanilang produkto ang ating mga kliyente at pati na rin ang

mas malawak na publiko na mahalaga ngayong pandemya.

Sa pagkakaroon ng bagong laboratoryo, at paglaki ng kanilang kapasidad at kakayahan, makapagbibigay sila ng trabaho sa mga nawalan. Mula rito, mapapababa ang bilang ng mga Pilipinong walang trabaho,” ani Dequito sa kung paano nakatutulong ang CARD Astro sa layunin ng CARD MRI na mapabuti ang pamumuhay ng pamilyang Pilipino.

Pinuri din ni Contreras ang sipag ng mga kawani ng CARD Astro sa pag-unlad

ng institusyon. “Gusto ko ring pasalamatan at bigyang-pansin ang mga responsable, masisipag, at dedikadong mga kawani ng CARD Astro na malaking bagay sa aming pagsulong bilang isang institusyon. Kung hindi dahil sa kanila, hindi namin ito mararating sa loob lamang ng dalawang taon. Masaya akong makatrabaho sila,” dagdag ni Contreras.

Posible na rin ang pagpapalawak ng serbisyo ng CARD Astro dahil sa pagkakaroon ng LTO at laboratoryo. “Nais naming magtayo pa ng mga laboratoryo

sa Visayas at Mindanao upang mas dumami pa ang mga komunidad na naaabot ng ating mga produkto at makapagbigay rin ng trabaho,” ani Contreras. Nabanggit din niya ang paggawa ng mga *organic cosmetic product* sa hinaharap.

“Katuwang ng CARDMRI ang CARD Astro sa pagpuksa sa problema ng kahirapan. Sa pamamagitan ng aming produkto na nagtataguyod sa kalusugan ng pamilyang Pilipino, tumutulong kami sa layunin ng CARD MRI na mas mapaganda ang kalidad ng pamumuhay ng mga Pilipino,” pagtatapos ni Contreras.



Dinaluhan ng pamunuan ng CARD MRI ang pagbubukas ng bagong laboratoryo ng CARD MRI Astro Laboratories. Kabilang sa mga dumalo ay sina CARD MRI Astro President Maria Gracia Q. Contreras, BotiCARD President Rosenda P. Aquino, CARD MRI Founder at Chair Emeritus Dr. Jaime Aristotle B. Alip, CARD MRI Managing Director Aristeo A. Dequito, CARD MRI Adviser Flordeliza L. Sarmiento, Research Senior Adviser Aniceta R. Alip, CARD MRI Property Management President Maida B. Decano, at iba pang mga opisyal ng CARD MRI at CARD MRI Astro Laboratories.

Mag-aaral ng CMDI, nagsipagtapos; panibagong ... ◀1

at sa kanilang pamilya.”

Sa kaniyang mensahe, idinagdag din ni Dr. Ramos ang naging papel ng CARD MRI at CMDI habang nasa gitna ng isang pandemya. Aniya, “Kapag tumitingin ang ating mga miyembro sa CARD MRI, lagi nilang nakikita ang sinag ng pag-asa, dahil patuloy natin silang tinutulungang lumabas mula sa isang madilim na lugar. Dahil dito, tayo ay

nagliliwanag. Nagliliwanag tayo hindi dahil sa gusto nating parangalan ang ating mga sarili, ngunit dahil gusto nating maging isang ilaw upang magsilbing gabay sa ating mga estudyante, miyembro, at kawani.” Kasalukuyang nagpapatuloy ang *enrollment* para sa Academic Year 2021-2022. Ang parehong kampus sa Tagum at Bay ay mayroong mga programang pang Senior High

School tulad ng Accountancy, Business and Management (ABM), Information and Communications Technology (ICT), at Home Economics.

Ang mga programang pang kolehiyo naman na bukas para sa mga mag-aaral ay ang BS Entrepreneurship with specialization in Microfinance, BS Accountancy, BS Accounting Information System, at BS Tourism

Management. Samantala, tanging sa CMDI Bay Campus lamang mayroong BS Information System. Upang paghandaan ang makabagong panahon ngayong pandemya, naglunsad ang CMDI ng *online education* sa pamamagitan ng tawag, text, at paggamit ng *social media*. Ang mga mag-aaral na wala hanggang sa may mahinang koneksyon sa

internet sa kanilang tahanan ay bibigyan ng mga *module* na maaaring kunin mula sa kampus o sa mga nakatalagang lugar sa kanilang barangay.

Ang klase sa CMDI Tagum at Bay ay nagsimula noong Agosto 23 para sa mga estudyante sa kolehiyo at Setyembre 13 naman para sa mga mag-aaral sa Senior High School.



GET 10%

When you avail this komuni-bag, you'll get a 10% discount on our HOMESTAY program with e-camping in Eastern Visayas!





Ginawaran ang Mabentangen Center 1 ng mga produkto mula sa BotiCARD at Mga Likha Ni Inay kasama ang sertipiko ng pagkilala bilang wagi sa Bahaginan Ngayong 2021 Poster and Slogan Making Contest.

Wagi sa pambansang patimpalak ng CARD MRI, ginawaran ni Chin Sanigan

Sa kabuuang 112 naitalang mga kalahok na CARD centers mula Luzon, Visayas, at Mindanao, ang Mabentangen Center 1 mula CARD, Inc. ang itinanghal na nagwagi sa Bahaginan Ngayong 2021 matapos gawaran bilang *institutional winner* noong Hulyo 7, 2021.

Ang Bahaginan Ngayong 2021 ay isang *poster and slogan making contest* na may temang “Ang buhay at paglalakbay ng aming center kasama ang CARD MRI.”

Wagi ang Mabentangen Center 1 sa kanilang temang “Hawak-kamay sa hamon ng buhay, ang CARD MRI kaagapay tungo sa tagumpay.” Ang center na ito mula Palawan ay tumanggap ng Php15,000 para sa kanilang Center, Php5,000 para sa kanilang Unit, sertipiko ng pagkilala, at mga produkto mula sa Mga Likha Ni Inay at BotiCARD na nagkakahalaga ng tig Php3,000.

“Gusto naming ibalik ang lahat ng papuri sa Poong Maykapal,” ani ng isang representante mula Mabentangen 1. Dagdag pa niya, “Binuo namin ang aming konsepto mula sa temang ibinigay ng CARD MRI. Aming layunin na ipakita ang ugnayan sa pagitan ng CARD MRI at mga miyembro nito at kung papaano namin matutulungan ang aming mga kasamahan na nangangailangan. Ito ang

nagbigay inspirasyon para magsumikap at maniwalang walang imposible sa buhay basta’t tayo’y nagtiwala. Kami’y nagpapasalamat sa CARD MRI bilang aming kasangga sa aming tagumpay.”

Tatlong center pa ang nagwagi bilang *institutional winner* sa Bahaginan Ngayong 2021. Kasama rito ang Paypayad 2 mula CARD Bank at Subic Paradise mula CARD SME Bank. Nanalo rin mula Mindanao ang Balanggay Center mula CARD MRI RIZAL BANK. Ang mga *institutional winner* ay nag-uwi ng Php10,000 para sa kanilang Center, Php3,000 para sa kanilang Unit, sertipiko ng pagkilala, at mga produkto mula Mga Likha Ni Inay at BotiCARD na nagkakahalaga ng Php1,500.

Ugnayan at Kwentuhan

Ang Bahaginan Ngayong 2021 ay isa sa mga proyektong nabuo mula sa Ugnayan at Kwentuhan, isang programa ng CARD MRI upang mapanatili ang komunikasyon sa mga kliyente nito. Maliban sa pagtawag sa mga miyembro at kawani ng CARD, layunin din nitong bumuo ng koneksyon sa mga miyembro sa pamamagitan ng pagbibigay ng pagkakataon sa kanilang maipamalas ang kanilang mga talento at kakayahan ngayong pandemya.

“Dahil hindi maaaring magkaroon ng *center visits*

dahil sa mga protokol na kailangang sundin, nag-isip kami ng paraan upang mapanatili ang aming koneksyon sa aming mga miyembro. Nag-isip din kami ng mga proyekto na maaaring magpamalas ng kanilang mga talento, at isa ang Bahaginan dito,” ani CARD MRI Managing Director Aristeo A. Dequito.

Ilan pa sa mga proyektong dapat abangan ay ang *online poetry contest* na “Tugma at Titik”, *jingle making contest*, at *talent show*.

Samantala, nagbigay din naman ng mensahe si CARD MRI Founder at Chairman Emeritus Dr. Jaime Aristotle B. Alip. Aniya, “Isang tema ang ating makikita sa bawat poster na ginawa ng ating mga kalahok, at ito ay kung paano iniahon ng CARD MRI ang mga miyembro nito mula sa hirap. Ito ay nananatiling misyon ng CARD, ang himukin sila na upang magsimulang muli at mapabuti ang kanilang buhay.”


Nagbahagi rin naman ng pangwakas na mensahe si Dr. Dolores M. Torres, senior management adviser ng CARD MRI at tagapangasiwa ng Ugnayan at Kwentuhan. “Inilalapit namin ang aming mga puso sa inyo,” ani Dr. Torres. “Patuloy naming pakikilingan ang inyong mga kwento at sasaksihan ang inyong paglalakbay tungo sa kaginhawahan,”

pagwawakas ni Dr. Torres.

Bahagi Ako Digital Exhibit

Sa pagdiriwang ng Bahaginan Ngayong 2021, binuksan ng CARD MRI Publishing House ang Bahagi Ako Digital Exhibit na nagpapakita ng mga likhang sining ng 29 na *regional winners* at siyam na *finalists* ng nasabing *contest*. Binuksan ang

Bahagi Ako Digital Exhibit sa mga kawani at kliyente ng CARD MRI mula Hulyo 1 hanggang 2 at Hulyo 5 hanggang 6 sa Maharlika Square Events Place. Isang *virtual tour* din naman ang ibinahagi ng CARD MRI Hijos Tours para sa mga hindi makadadalo sa *exhibit*. Maaari itong mapanood sa Facebook page ng Online Ugnayan at Kwentuhan.





Wagi sa kauna-unahang The Lightbulb Project, ipinakilala

ni Chin Sanigan

Ipinakilala ni Product Development and Innovations Vice President Noli Martinez ang mga nagwagi sa kauna-unahang The Lightbulb Project na inilunsad noong Abril 2021. Ang tatlong nagwagi sa proyektong ito ay ang mga grupong Mellontikos, BSIS Scholars, at Digital Channels & Customer Support (DC & CS).

Ang The Light Bulb Project ay isang inisyatibo ng CARD MRI na nagbibigay ng pagkakataon para sa mga regular na kawani ng CARD MRI na ibahagi ang kanilang mga natatanging ideya na maaaring ipatupad sa buong organisasyon upang mas mapaganda ang mga sistema at proseso nito.

Panalong Pitch

Kabilang sa nanalong grupo ang Mellontikos na binubuo nina Reina Garcia, Juanito Alfonso, Joan Cajes, Evelyn Dajao, at Pascuala

Geñoso. Ang kanilang *pitch* ay naglalayong i-monitor ang *credit risk* at indibidwal na *loan* ng mga kliyentesapamamagitan ng kanilang *real-time* Portfolio Efficiency Monitoring



System. Ito ay naglalaman ng komprehensibong mga datos na maaaring mabuksan at magamit ano mang oras.

Samantala, ang *pitch* ng BSIS Scholars na binubuo nina Rommel Simundo, Alne Jean Manlangit, John Mari Cad, Emilio Vicente, Jr., at Marietta Simundo ay nagwagi

rin sa The Light Bulb Project. Layon nilang makabuo ng isang *web-based application* na makapagpapabilis sa manwal na proseso ng pagpapasa ng mga *reporting online*. Bahagi rin dito ang pagtitiyak ng seguridad ng mga datos na nasa loob ng *software*.

Wagi rin ang proyekto ng Digital Channels & Customer Support (DC & CS) group na DCCS-TATAYS (Digital Channels and Customer Support - Trusted and Anchored Team At Your Service) na naglalayong i-akses ang mga *spreadsheet* ng mga transaksyon sa iisang portal lamang. Dahil dito, mabilis na naire-record ang mga pang-araw-araw na transaksyon ng CARD MRI na maaaring tingnan o i-akses gamit ang *mobile device*. Kasama sa grupong DC & CS sina Aldrin Quimoyog, Daryl Batac, Kristina

Madriaga, Maria Lourdes Fernandez, at Kareen Atienza.

Proseso sa Pagpili ng Natatanging Ideya

Upang piliin ang tatlo sa pinakamagandang ideya na inihain ng mga kalahok, dumaan sila sa tatlong proseso. Una rito ang The Elevator Pitch, isang istilo ng pagtatanghal sa loob lamang ng 30 segundo hanggang dalawang minuto. Dito nagpapakilala ang grupo at ipinaliliwanag ang problema na kailangang masolusyunan o ang sistemang maaari pang paghusayin. Dito rin inilalahad ng grupo ang kanilang ideya upang mapaganda ang sistema, kasama na rin ang epekto nito sa organisasyon.

Ang ikalawang prosesong pingdaanan ng mga grupo ay ang The Business Plan kung saan pipili ang komite ng 10 sa may pinakamagandang *pitch*. Dito rin sila tuturuan kung

paano buuin ang kanilang ideya at gawin itong *business plan*.

Pagkatapos, kinakailangan nila itong itanghal sa ikatlong proseso na tinatawag na The Pitch kung saan pipili ng tatlong may pinakamahuhusay na *business plan* at bibigyan sila ng pagkakataon upang ipatupad ang kanilang plano.

Ang mga nanalo sa *final round* na The Pitch ay maaaring pumili sa dalawang papremyo. Isa rito ang Php20,000 para sa buong grupo at *gadget package* para sa bawat miyembro na nagkakahalaga ng 'di hihigit sa Php15,000 para sa bawat miyembro. Maaari ding piliin ang 3D/2N na *local tours* package kasama na ang *transportation* at *accommodation* na nagkakahalaga ng Php20,000 para sa buong grupo at *pocket money* na Php10,000 para sa bawat miyembro.

Kapihan Session ng CARD MRI, nagbabalik

ni Jeff Tandingan

Muling binuhay ng CARD MRI ang buwanang Kapihan Session nito para sa mga kawani ng CARD MRI kahit sa pamamagitan lamang ng *virtual gathering*.

Ayon kay CARD MRI Managing Director Aristeo A. Dequito, ang aktibidad na ito ay muling ipinagpapatuloy upang palakasin pa ang relasyon ng bawat kawani ng organisasyon sa bawat isa. "Marami pa rin tayong mga limitasyon at restriksyon upang labanan ang pagkalat ng virus. Dahil dito, malaki pa rin ang epekto nito sa pagpapatibay ng matatag ng relasyon sa pagitan ng mga kawani. Kaya't minabuti na nating na ibalik ang

ganitong klase ng aktibidad upang kahit sa *virtual* na pagtitipon ay magkaroon ng kumustahan at masayang aktibidad ang ating mga kawani habang patuloy nating pinagtitiyak ang kaugalian at kultura ng organisasyon," ayon kay Dequito.

Sa pagputok ng pandemya, natigil ang mga pagtitipon-tipon gaya ng Kapihan Session ng CARD MRI upang makaiwas sa hawaan ng virus. Simula nang magtala ng unang kaso ng COVID-19, napokus na lamang ang mga kawani sa kani-kanilang trabaho at humina ang masasayang pakikipag-ugnayan sa kanilang mga kasamahan sa institusyon.

Dahil dito, pinamunuan ng CARD MRI Hijos Tours ang muling pagbuhay sa aktibidad na ito. Ang Hijos Tours ang nag-organisa sa *virtual gathering* na ito. Bumubuo sila ng mga programa at aktibidad sa *online* na makapagpapaalala ng *core values* ng CARD MRI. Sa naunang Kapihan Session na dinaluhan ng mga kawani ng CARD MRI Microinsurance Group ay nagsagawa sila ng isang *cooking show*.

Layunin ng aktibidad na ipamalas ang diwa ng pamilya sa loob at labas ng opisina kung kaya't ang lahat ng sangkap na ginamit ng mga kawani sa kanilang putahe ay nanggaling sa mga kliyente ng CARD MRI. Ito ay upang

matulungan pa rin ang mga kliyente ng CARD MRI sa kanilang mga kabuhayan. Nais pa rin nitong gawing bahagi ang komunidad nito sa simpleng pagtitipong ito.

"Kahit sa *online* lamang, nabibigyan natin ang ating mga kawani ng mga aktibidad na makatutulong upang palakasin ang komunikasyon at relasyon ng mga kawani sa loob ng institusyon," ani Dequito.

Tuwing huling Sabado ng buwan isasagawa ang Kapihan Session na dadaluhan ng mga kawani mula sa iba't ibang grupo ng mga institusyon ng CARD MRI.




Mahilig ka bang magsulat?

Mag-contribute na ng development-oriented news and features sa Sulong: Ang Pahayagang Pangkaunlaran ng CARD MRI.

Kung ang orihinal mo ay malikha, mag-angkilat na ng orihinal sa loob ng CARD MRI Publishing House!

For more details:
Email: publishing@cardmri.com Contact number: 09195319858



This book contains the imprint of CARD MRI since its establishment by 1986.

EDITORIAL



Kailangan ng Kaagapay

Ilang panahon na lang at nalalapit na ang muling pagbubukas ng panibagong taong panuruan. Ngunit sa halip na sa paaralan papasok ang mga estudyante, mananatili pa rin muna sila sa kani-kanilang mga tahanan, sa ilalim pa rin ng *remote learning setup*. Ang ating bansa, at maging ang buong mundo, ay nasa gitna pa ng pandemya. Hindi tiyak kung ang sitwasyon na ito ay patapos na, o kung hanggang kailan ito magpapatuloy. Ngunit sa kabila ng lahat ng ito, may isang katiyakan – kailangan nating magpatuloy. Sa kabila ng hirap at ng pag-aalala, dito higit na kailangan ang ating katatagan at katapangan upang harapin ang hamon na ito sa ating lipunan.

Sa ganitong sitwasyon din natin makikita ang mga institusyon na puspusan ang dedikasyon upang makatulong at makapagbigay ng serbisyo sa mga nangangailangan, kagaya ng CARD MRI. Sa kasalukuyan, ang mga programa ng CARD MRI ay sumasailalim sa *digitalization* upang mas ligtas na maabot ng mga kliyente ang mga ito. Angkop rin ang konek2CARD, ang *mobile banking application* ng CARD MRI, para sa panahon na iniwasan ng bawat isa ang paglabas ng bahay. Gayundin, hindi napahinto ng pandemya ang pag-usad ng mga programa ng CARD-MRI Development Institute (CDMI) upang magbukas ng mga oportunidad sa mga estudyanteng nais magpatuloy sa pag-aaral. Sa katunayan, nakapagbigay na ang CDMI ng 15,761 *educational scholarships* para sa mga pili at kwalipikadong mag-aaral, lalo na sa mga anak ng miyembro ng CARD. Sa parehong paraan, makikita natin na makapagpapatuloy din tayo sa buhay lalo kung tayo ay may kaagapay.

Kailangan natin ang isa’t isa. Kabilang tayo sa isang komunidad kung saan sinusuportahan dapat natin ang bawat isa, partikular na ang mga nangangailangan. Ngunit sa pansamantala, ipagpatuloy at paigtingin pa natin ang ibayong pag-iingat. Maging alisto; huwag maging pabaya para sa kapakanan ng sarili at ng kapwa.

Magpalakasan tayo, upang sa darating na panahon ay makaahon tayo nang sabay-sabay at sama-sama.



SULONG!
Editorial Board

CARD MRI PUBLISHING HOUSE INC.
Publisher

Dr. Jaime Aristotle Alip
Aristen Dequito Marilyn Manila
Editorial Advisors

Dr. Edmond Centeno
Editor-in-Chief

Cyrene Grace Lubigan
Managing Editor

Jeffrey Tandington
Associate Editor

Albert Dayag
Ervin Calabia
Layout Artist

Charyll April Perez
Marla Czarina Santiago
Victor Angelo Aranza
Artists

Clark Quyn Cuello
Cartoonist

Nilalang ang ating pagiging isang malalagong institusyon ang bawat mamamagang upang talagang maipatutal ang kaniyang sarili, partikular sa bansa. Isinulongang muna ang apat na lalong pagbabalik ng mga laruan, mahalaga para sa inyo. Para sa iba pang impormasyon, manuring bisitahin ang www.cardmri.com, ang opisyal na website ng CARD MRI. Manatrin ang Linyang sa 049, 562-4909 o magpakilang tawag sa pulitistikang direktor.

Ang SULONG! Ang Pahayagang Pangkalahatan ng CARD MRI ay inilathala sa mga lathalaing sa loob ng isang taon lalong isang malalagang lathalaing pangkalahatan ng CARD MRI Publishing House Inc.

Para sa advertising rates at para sumiling kopyang Sulong, manuring tumawag sa 049, 562-4909 o magpakilang tawag sa pulitistikang direktor.

CARD MRI PUBLISHING
HOUSE, INC.
V.L. Quizon St., City South
San Pablo City, Laguna

ig: @CARDMRIOfficial
Official Facebook page

@CARDMRI
Official Instagram

CARD MRI
Official YouTube channel

www.cardmri.com
Official Website



Edukasyon, mahalaga sa pagsugpo sa kahirapaan



Dr. Jaime Aristotle B. Alip
Founder and Chair Emeritus
CARD MRI

Sa isang report na inilabas ng World Bank, marami sa ating mga mag-aaral sa bansa ang hindi naaabot ang pamantayan ng pagkatuto. Agad man itong pinabulaanan ng Kagawaran ng Edukasyon, marami pa ring grupo ang sumang-ayon na kailangang magkaroon ng mahusay na reporma sa sektor ng edukasyon.

Sa isyu ng kalidad ng edukasyon sa bansa nakalatag ang mas malalalim na problema: ang hindi pantay-pantay na oportunidad at akses sa edukasyon. Higit pang tumaas ang bilang ng mga Out-of-School Youths (OSYs) sa bansa dahil na rin sa umiiral na krisis sa buong mundo.

Halos apat na milyong estudyante ang hindi nagpatala sa mga paaralan noong nakaraang pasukan. Ngayong Taunang-Pampaaralan, malaki ang itinaas ng bilang ng mga estudyanteng maagang nagpatala sa mga paaralan kumpara sa nakaraang taon. Gayunpaman, kailangan pa rin nating pagsumikapan na magkaroon ng akses ang lahat sa isang dekalidad na edukasyon.

Tulad ng isang puno, ang kahirapan ay nagmumula sa napakaraming ugat. Kapag nasiguro natin ang akses sa edukasyon para sa lahat, mababawasan natin ang kahirapan sa ating bayan.

Edukasyon at Kahirapan

Ayon sa UNESCO, kung marunong lamang ang lahat ng mag-aaral na bumasa, malaking bilang ng populasyon sa mundo ang makakalaya sa matinding kahirapan. Kung marami sa mga may sapat na gulang ang makapagtatapos sa sekondarya, mababawasan natin sa kalahati ang kahirapan sa mundo.

Marami ang mabibigyan ng solusyon sa kahirapan sa pamamagitan ng edukasyon. Dahil dito, isinusulong ng UN ang Sustainable Development Goal 4 na mabigyan nang pantay na karapatan ang lahat at magkaroon ng akses sa edukasyon.

Sa Pilipinas, pahirapan pa rin ang akses sa edukasyon para sa mga maralitang Pilipino. Ang kakulangan sa pampinasyal o ang hindi abot-kayang edukasyon sa bansa ang karamihan sa mga dahilan kung bakit hindi nakapagpapatala ang mga kabataan sa mga paaralan.

Pagbasag sa salinlahing kahirapan

Batid ng maraming organisasyon na nagtatrabaho sa pagsugpo sa kahirapan ang realidad na ito. Naalala ko taong 2011 nang makipag-usap ako sa isang kaibigang si Dr. Washington Z. SyCip. Pareho kaming naniniwalang ang edukasyon ay isang malaking hakbang sa pagbasag sa siklo ng kahirapan. Mula sa pag-uusap na ito, nabuo namin ang isang programa upang matulungan ang ating kabataan mula sa mahihirap na pamilya na makapagtapos man lamang ng elementarya. Dito nabuo ang Zero Dropout Program upang makapagbigay ng maliit na *loan* na makatutulong sa pagpapaaral sa kani-kanilang anak sa elementarya. Sa paglipas ng mga taon, ang mga batang ito ay nagsipagtapos na ng elementarya kung kaya't minabuti na rin naming palawigin ang programang ito hanggang hayskul. Ang programang ito ay nakatulong na sa 1,220,476 na mga estudyante sa buong bansa.

Dahil sa aming lubos na paniniwala na ang edukasyon ang sagot sa maraming sanhi ng kahirapan, minabuti naming magtayo ng isang *training center* sa Bay, Laguna noong 2000 upang maghatid nang makabuluhang mga pagsasanay para sa mga kawani ng CARD MRI at mga kasapi nito. Ito ay tinawag na CARD-MRI Development Institute (CMDI) taong 2005.

Nakapaghatid na ito ng pagsasanay sa mahigit 1,237,897 sa ilalim ng Credit with Education *training program*. Ito ay isang pagsasanay tungkol sa pangkalusugan, pagnenegosyo, *microinsurance*, paghahanda sa mga sakuna, at credit discipline – mga

kasanayang kailangan ng mga indibidwal upang makapagsimula sila ng mahusay na pagbabago sa kanilang lugar.

Sa ngayon, ang CMDI rin ay isa ng paaralan na naghahatid ng Senior High School, TESDA-accredited *courses* at mga kurso sa kolehiyo. Nakapokus ang CMDI sa *business courses*, pagnenegosyo, *microfinance*, at *information management*. Nakapaghatid na rin ito ng 15,761 *educational scholarships* sa mga mag-aaral nito lalo't higit sa mga anak ng mga miyembro ng CARD. Mayroon na rin itong 9,783 *scholars* na nakapagtapos.

Sa ngayon, ang CARD MRI ay nakipag-ugnayan din sa PHINMA Education upang magbigay ng tulong sa mga mag-aaral sa kolehiyo na hindi kayang mag-aral sa mga pribadong paaralan. Naghahatid ito ng FLEX at RAD *learning program* sa mga kurso sa Criminology, Accounting, Business Administration, at Education.

May hatid din itong *scholarship* sa mga kwalipikadong estudyante. Ang mga estudyante sa ugnayan ng CARD MRI at PHINMA Schools ay mabibigyan din ng benepisyo na maakses ang mga programa ng CARD MRI tulad ng *loan programs*, *internship*, at pagiging empleyado sa organisasyon.

Mahalaga ang edukasyon. Nagbubukas ito ng malalaking pintuan ng oportunidad. Ako ay umaasa na marami pa ang tutulong upang makapagbigay ng abot-kaya at dekalidad na edukasyon sa ating mga kabataan. Sa lahat ng ito, ang pamumuhunan sa edukasyon ay pamumuhunan para sa magandang kinabukasan ng ating bansa.

Butil ng Pag-asa



Mr. Aristeo A. Dequito
Managing Director
CARD MRI

Magda-dalawang taon na noong nabalitaan natin ang paglitaw ng COVID-19. Akala natin noon na ito ay isang simpleng sakit lamang pero sino ang mag-aakala na labis nitong babaguhin ang ating buhay. Dalawang taon na nating hinaharap ang pandemya, ngunit kahit mahirap, makikita natin na unti-unting bumabangon ang ating bansa, at pati na rin tayo sa CARD MRI. Patuloy tayong gumagawa ng hakbang para sa ating mga pinaglilingkuran.

Sa mga nagdaang buwan, ating namalas ang dedikasyon at pagpursige ng ating mga kawani sa kanilang misyon na makatulong sa ating mga kababayan. Lalo na ngayon na marami ang labis na apektado dahil sa mas pinahigpit na *community restrictions* sa iba't

ibang lugar. Ako ay hanga sa inyong tibay ng loob at diskarte sa paggawa ng paraan upang matulungan ang ating mga kliyente. Gaya ng ating mga programa at proyekto na sumasailalim sa *digitalization*, ang diskarte ng ating mga kawani ay sumasabay sa ating tinatahak na landas. Mahusay nilang nagagamit ang teknolohiya upang makausap at matulungan ang ating mga kliyente. Dito natin makikita na ang *digitalization* ang ating nagsisilbing tulay sa gitna ng maraming limitasyon.

Sa panahon ngayon, lalong lumalabas ang kahalagahan ng ating misyon, na mas mailapit sa nakararami ang ating mga pampinasyal na serbisyo. Maaaring ito ang maging susi ng kanilang pagbangon ngayong

marami ang nahihirapan. Bukod sa ating mga serbisyong pampinasyal, patuloy rin tayong gumagawa ng iba pang paraan upang masuportahan ang ating kapwa Pilipino.

Dahil sa kalahagahan ng ating misyon, ngayon natin kailangang mas maging matatag sa harap ng mga problema. Ang ating serbisyo ang makatutulong sa pag-ahon sa ating mga kababayan sa problema ng kahirapan. Lagi nating tatandaan na maaaring sa iilan, tayo ay isang kompanya lamang, pero para sa ating mga pinaglilingkuran, tayo ay ang kanilang butil ng pag-asa. Kaya't mas lalo pa nating pagbutihan ang ating paglilingkod para pagdating natin sa dulo ng pandemyang ito, sabay-sabay tayong uusad tungo sa matatag na bukas.

Kauna-unahang Tourism e-Laboratory pinasinayaan sa CMDI Tagum campus

ni Chin Saanigan

Binuksan ng CARD-MRI Development Institute (CMDI) ang kauna-unahang Tourism e-Laboratory sa CMDI Tagum, Davao del Norte noong Hulyo 16, 2021, sa pakikipagtulungan sa CARD MRI Hijos Tours.

Ang Tourism e-Laboratory ay isang malaking hakbang upang makabuo ang mga mag-aaral ng BS Tourism Management sa CMDI Tagum ng mga 360° *virtual reality* (VR) *tours* at iba pang kapana-panabik na programang panturismo na nakaangkla sa bisyon ng CARD MRI na tapusin ang kahirapan sa Pilipinas.

Sa pamamagitan ng pagtatatag ng Tourism e-Laboratory, layunin ng CMDI na bigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral nito na palawakin pa ang kanilang kaalaman tungkol sa *digitalization* lalong-lalo na sa panahon ng pandemya. Maaaring bumisita sa e-Laboratory ang mga mag-aaral at mga guro ng CMDI, kasama na ang mga partner at kliyente ng CARD

MRI kapag maaari nang magkaroon ng mga pisikal na pagpupulong at nakabuo na ng mga *travel bubble* sa mga karatig probinsya nito. Dahil dito, maaari nang birtwal na makapaglakbay ang mga nanay na miyembro ng CARD MRI sa Luzon at Visayas sa pamamagitan ng 360° *videos* at iba pang VR *tours* na binuo sa Tourism e-Laboratory.

Pagtugon sa pandemya gamit ang VR

Isa sa mga pinakaapektadong industriya sa Pilipinas dahil sa pandemya ay ang turismo. Upang masigurong hindi maaapektuhan ang mga layunin ng Hijos Tours upang ipagdiwang ang sining at kultura sa bansa, humanap ito ng paraan upang ipagpatuloy ang serbisyo nito para sa mga komunidad.

“Hinamon kami upang sumubok ng iba’t ibang pamamaraan at teknolohiya para ilapit ang turismo sa mga komunidad kahit na may pandemya. Nakita namin kung

gaano ka-epektibo ang *virtual reality* upang pagtibayin ang aming layunin,” ani Hijos Tours President and Chairperson Marilyn Manila.

Maliban sa pagiging pamamaraan upang ilapit ang Hijos Tours sa mga turista, ang VR ay maaari ding isama sa programa ng BS Tourism Management sa CMDI Tagum.

“Sa pamamagitan ng VR, maaari nating balikan ang ating kultura, ang ating kasaysayan, at buhayin ang *edutainment* o pinagsamang *education* at *entertainment* sa ating kurikulum,” pagbabahagi ni Manila. Dagdag pa ni Manila para sa mga bibisita sa CMDI Tagum na walang internet o *mobile phone*, tiyak na matutuwa ang mga ito dahil maaari pa rin silang birtwal na maglakbay sa pamamagitan ng mga kagamitan sa loob ng Tourism e-Laboratory tulad ng LCD Projector, Samsung Tablets, at VR goggles.

“Naging daan ang pandemya upang paghusayin pa ang ating mga ginagawa

para sa ating mga mag-aaral,” pahayag ni CMDI Senior Executive Vice President/Chief Operating Officer Dr. Edzel Ramos. Dagdag pa niya, “Habang inililipat natin ang ating mga serbisyo sa *online*, nakita namin ang kahalagahan ng pagtatayo ng Tourism e-Laboratory upang mas maging epektibo ang pag-aaral ng ating mga estudyante. Naniniwala kaming ito’y isang magandang paraan upang mas palalimin pa ang kanilang kaalaman tungkol sa turismo habang tayo ay nasa panahon ng *new normal*.”

Tinutupad ng Tourism e-Laboratory ang isa sa mga estratehiya ng kampanyang 10-20-80 na palakasin ang *digitalization* sa larangan ng edukasyon at turismo na isa rin namang magandang paraan upang tumulong sa komunidad.

Ang 10-20-80 kampanya ay ang direksyong gustong tahakin ng CARD MRI kung saan sa susunod na 10 taon ay makatutulongang buong CARD MRI sa 20 milyong kliyente at mabigyan ng seguro ang 80 milyong katao sa pamamagitan ng pagpapaseguro o *insurance*.



Magkasamang nasubukan ng mag-inang sina Gng. Angelita Asistido (kanan) at Angela Viah Asistido (kaliwa), mag-aaral ng BS Tourism Management, ang paggamit ng 360° *virtual reality* goggles sa tourism e-laboratory ng CMDI Tagum.

Hijos School Fair, inilunsad; kahalagahan ng pag-iipon muling binisita

ni Chin Sanigan

Isa na namang *virtual program* ang inilunsad ng CARD MRI Hijos Tours upang ibahagi sa mga kabataan ang kasaysayan ng Pilipinas at kahalagahan ng pag-iimpok.

Sa ngayon, ang programa ang nakapagsagawa na ng tatlong Hijos School Fair simula nang ito ay ilunsad noong Mayo. Mayroon ng 90 estudyante ng CARD-MRI Development Institute (CMDI) mula sa kampus nito sa Bay, Laguna at Tagum City, Davao del Norte ang mga nagsipagdalo na sa nasabing aktibidad.

Binuo para sa mga mag-aaral ng Senior High School at kolehiyo, ang Hijos School Fair ay isang kapana-panabik na *virtual field trip* ng San Pablo City, Laguna kung saan tinatalakay ang kasaysayan ng lugar na sinamahan pa ng mga paksa tungkol sa maayos na pamamahala ng salapi at pag-iipon.

Ilan sa mga aktibidad na isinagawa sa Hijos School Fair ay ang pagbibigay ng talumpating impromptu at paggawa ng alkansya na ikinatuwa naman ng mga kalahok. Inaaral sa Hijos School Fair ang kasaysayan ng San Pablo City na siya namang tutulong sa mga mag-

aaral na suriin ang kanilang kasalukuyang sitwasyon sa larangan ng pananalapi.

Pagsilip sa Kasaysayan ng San Pablo City

“Noong binalikan namin ang kasaysayan ng San Pablo City, may mga kwento rito na maaari nating aralin upang matuto tayo kung paano pinamahalaan ng mga sinaunang tao ang kanilang mga yaman,” pahayag ni Hijos Tours President and Chairperson Marilyn Manila ukol sa muling pagbisita sa kasaysayan ng San Pablo City.

Ani Manila, “Bago pa man dumating ang mga Kastila, marunong na ang ating mga ninuno na humanap ng kanilang tirahan at gamitin ang mga likas na yaman na nakikita nila sa kanilang kapaligiran.”

Dagdag pa niya, pinipili ng mga Lagunense na manirahan katabi ng katawang tubig kung saan sila maaaring kumuha ng mga pagkain tulad ng isda at iba pang lamang dagat. “Posible ring gumamit sila ng mga bangka upang magbenta ng mga produkto sa kanilang komunidad,” kwento ni Manila.

Mula rito, iniuugnay ng Hijos Tours ang kasaysayan ng San Pablo City sa kung paano

makapagsisimula ng maliit na negosyo ang mga estudyante gamit ang mga produktong maaari nilang kunin mula sa kanilang kapaligiran.

Ibinahagi rin naman ni Manila ang ilang mga hamon sa pamamahala ng salapi na maaaring matutuhan ng mga mag-aaral. “Noong dumating ang mga Kastila sa Pilipinas at ipinakilala ang kapistahan sa mga Pilipino upang paramihin ang mga mananampalataya, naging magarbo ang mga Pilipino sa paghahanda sa kapistahan kahit na minsan ay kailangan nilang mangutang mula sa kanilang mga kapitbahay.”

Ipinakilala rin ng mga Pilipino ang konsepto ng “bigay-kaya” tuwing may binyag at kasal kung saan magbibigay sila ng higit pa sa kanilang kaya upang ipakita ang kanilang yaman. Ito ay kadalasang nagreresulta sa pagkakalubog sa utang.

Bukod dito, naranasan din ng mga Pilipino na salakayin ng mga magnanakaw sa panahon ng Kastila. Ang hamong ito sa mga Lagunense ay maaaring ihalintulad sa mga hindi inaasahang pangyayari tulad ng mga bagyo’t sakuna na maaaring

magdulot ng malaking pinsala sa komunidad. Ito rin nama’y nagpapakita kung gaano kahanda ang mga mag-aaral kapag may mga hindi inaasahang pangyayari ang nagdulotsakanilangpangamba.

Sa huli, binigyang-diin din ni Manila ang kahalagahan ng pagsabay sa nagbabagong panahon upang mapabuti ang pamumuhay ng isang tao.

“Tinuruan tayo ng mga Amerikanong magproseso ng *copra*, *coconut oil*, at *wine* sa Laguna. Ang Laguna ay nanguna sa larangang ito noong unang panahon. Mula rito, makikita natin kung gaano kahalaga ang sumabay sa makabagong teknolohiya at sistema na nakapagbibigay sa atin nang mas maayos na pamumuhay,” pahayag ni Manila.

Ang “History of San Pablo” na inilathala ng CARD MRI Publishing House ang naging pangunahing pinagkunan ng impormasyon para sa Hijos School Fair. Ang librong ito ay naglalahad ng kwento ng San Pablo City at ang tungkulin ng CARD MRI sa paghubog sa lipunan para sa ikagaganda nito. Maaaring bilhin ang librong ito sa Facebook Shop ng CARD MRI Publishing

House sa halagang Php500.

Pag-iimpok at pamamahala ng salapi

Ayon sa isang pagsusuri ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP), 51.2 milyong Pilipino ang wala pang *bank account*. Ibig sabihin, 29% lamang ng mga Pilipino ang nag-iimpok gamit ang *bank deposits*. Napag-alamang ang layo ng bangko sa mga pamayanan ang dahilan kung bakit 8% ng 51.2 milyong Pilipino ang wala pang *bank account*.

Ang Hijos School Fair ay isang malaking oportunidad upang ibahagi ang kahalagahan ng pag-iimpok lalong-lalo na sa panahon ng pandemya. Ito’y isang magandang paraan upang ipakilala ang mga mura at dekalidad na produktong pampinansyal na institusyon ng CARD MRI na maaari din namang tangkilikin ng mga mag-aaral upang umpisahan ang kanilang pag-iipon.

Kasabay nito, tinuruan din sila ng tamang pagbadyet at paglalaan ng kanilang salapi. May mga inaanyayahang panauhin ang Hijos Tours na may kasanayan sa usaping pananalapi upang magbahagi ng kanilang kaalaman sa mga kabataan.

Ceremonial Groundbreaking, isinagawa bilang selebrasyon sa pagpapatayo ng CMDI Buenavista Campus

ni Charyl Perez

Ang CARD-MRI Development Institute (CMDI), Inc. at ang LGU ng Buenavista, Agusan del Norte ay nagsagawa ng isang *ceremonial groundbreaking at capsule laying activity* upang ipagdiwang ang pagsisimula ng pagpapatayo ng ikatlong kampus ng CMDI noong Hulyo 15, 2021.

Ang seremonya ay dinaluhan ni CARD MRI Founder at Chairman Emeritus Dr. Jaime Aristotle B. Alip kasama sina CMDI Senior Executive Vice President / Chief Operating Officer Dr. Edzel Ramos, CMDI AVP Mindanao Operation Christian Albert Sandoval, Associate Dean for Business and Management Daisy Jane Caballero, at ilang *management committee members* ng CARD MRI. Gayundin, dinaluhan din ito ng iba pang mga kinatawan mula sa LGU ng Buenavista, Agusan del Norte na pinamumunuan ni Mayor Amy Pagaspas.

Ang bagong kampus ay maghahatid ng kurso sa kolehiyo tulad ng Information Technology, Tourism, Accounting, at Entrepreneurship. Gayundin, magkakaroon din ito ng Senior High School strands.

Ang CMDI ay isang institusyon sa ilalim ng CARD MRI na nagbibigay ng dekalidad na edukasyon na naglalayong humubog ng mga mahuhusay na negosyante at may kakayahan at maaasahang mga propesyonal na mayroong pusong makatulong sa pagpapataas ng antas ng pamumuhay ng pamilyang Pilipino.

Ang itatayong kampus ay bahagi ng misyon nitong magbigay ng dekalidad na edukasyon sa pamilyang Pilipino lalo't higit sa mga kabataang salat sa oportunidad. Bahagi pa rin ito ng kampanya ng CARD MRI na "One Family, One Graduate". "Layunin namin



na sa bawat pamilyang tinutulungan ng CARD MRI ay magkaroon sila ng kahit isang nakapagtapos sa kolehiyo. Naniniwala kami na mas malawak ang oportunidad na magbubukas matapos silang makapagtapos ng pag-aaral sa kolehiyo. Dahil dito, matutulungan na nila ang kanilang pamilya na makaahon sa kahirapan," ani Dr. Alip.

Inaasahan din na malaki ang maiaambag ng bagong paaralang ito sa misyon nitong mapalawak ang pamayanang pinaglilingkuran ng buong CARD MRI. "Upang mapalapit ang mga serbisyong pangkalusugan sa aming mga kliyente, itatayo rin namin ang BotiCARD, ang aming parmasya dito. Maglalagay rin kami ng isang gusaling matatagpuan ang Mga Likha ni Inay (MLNI) na nagpapakilala sa mga produkto ng mga kliyenteng sinusupportahan ng CARD MRI."

"Gagawa rin kami ng isang silid para sa kanila na magdadala ng mga serbisyong may kinalaman sa pagbibigay ng seguro. Ang Buenavista ay magbibigay sa amin ng pagkakataong mapalawak pa ang mga pamayanan na aming

pinaglilingkuran," paliwanag niya.

Pagkakataong lumago

Ang dating punong-bayan ng Buenavista na si Norbert Pagaspas, Jr. ay nagpahayag ng kanyang suporta sa mga programa at inisyatibo ng CARD MRI. "Maasahan ninyo kami na andito lang at susuporta. With the concept of CMDI, sa tingin ko ay very big opportunity talaga ito sa bayan ng Buenavista dahil border na tayo ng Butuan City. 'Yung effect ng CMDI ay talagang mafi-feel 'yan sa Butuan City.'"

Gayundin, nangako si Mayor Amy Pagaspas na ipagpapatuloy nito ang kanilang pagsuporta sa CMDI upang maisaktuparan ang mga plano nito.

Ang pagpapalakas ng presensya ng CARD MRI sa Buenavista ay makapagbibigay ng malawakang akses sa mga programang pangkaunlaran samga mamamayan sa Agusan del Norte.

"Ang paggawa ng seremonyang ito, sa kabila ng pandemya, ay simbolo ng bagong pag-asa para sa ating lahat na harapin ang isang bagong simula," saad ni CMDI EVP and COO Dr. Edzel A. Ramos.

**Sulit Padala**
Money Remittance

P15
sa unang padala!

Sa first time magpadala, PISO lang ang charge basta P20,000 and below lang ang halaga. Talaga namang sulit di'ba?

Ano pa hinihintay nyo, magpunta lamang sa pinakamalapit na CARD Sulit Padala sa inyong lugar!
[@CARDsulitPadalaOfficial](#)

AMOUNT (PHP)	FEES (PHP)
1 - 200	1
201 - 300	2
301 - 400	3
401 - 500	7
501 - 600	8
601 - 700	10
701 - 900	12
901 - 1,000	15
1,001 - 1,500	20
1,501 - 2,000	30
2,001 - 2,500	40
2,501 - 3,000	50
3,001 - 3,500	60
3,501 - 4,000	70
4,001 - 5,000	90
5,001 - 6,000	114
6,001 - 7,000	118
7,001 - 9,500	125
9,501 - 10,000	140
10,001 - 15,000	210
15,001 - 20,000	250
20,001 - 30,000	290
30,001 - 40,000	320
40,001 - 50,000	400
50,001 - 100,000	1% of Principal Amount

**konek2CARD**
Maaasahan, kahit nasaan man!

Available in Playstore. Download now!



konek2CARD, nakapagtala na ...

CARD MRI RIZAL BANK President and CEO Elma B. Valenzuela na mapagtatagumpayan ng institusyon ang mga hamon ng *financial inclusion* sa pagpapalawak ng serbisyo nito sa iba't ibang komunidad sa Pilipinas.

"Hindi tayo patatalo sa mga nakaharang sa ating daan patungo sa ating mga komunidad. Maaabot din natin ang mga pamilyang nasa malalayong lugar kasama ng ating mga inisyatibo, lalo na ngayong ang konek2CARD ay palapit na nang palapit sa kanila," ani Valenzuela.

Pagbati ng BSP

Samantala, nagpaabot naman ng pagbati sa CARD MRI si Governor Benjamin E. Diokno ng Bangko Sentral

ng Pilipinas (BSP) dahil sa pag-abot ng konek2CARD sa isang milyong *registered users*.

"Nais kong ipaabot ang aking pagbati sa pagkakaroon ninyo ng isang milyong *registered users* sa konek2CARD. Ang CARD ay matagal na nating kasama sa pag-abot sa mga Pilipinong hindi pa naaabot ng mga pampinansyal na serbisyo, at masaya kaming samahan kayo sa inyong tagumpay ngayon," pahayag ni Diokno.

Sa kaniyang talumpati, inihayag din ni Diokno ang mga *digital initiative* na kasama sa Digital Payments Transformation Roadmap ng BSP para sa taong 2020 hanggang 2023. Kasama rito ang QRPH payments na hahayaang makapagbayad ang

mga Pilipino sa mga pamilihan gamit lamang ang kanilang *mobile phone*. Binanggit din ng Gobernador ng BSP ang Philippine Identification System (PhilSys) na bibigyang awtorisasyon ang mga kliyente nitong kumuha ng *bank accounts* at iba pang serbisyong pampinansyal gamit lamang ang kanilang PhilID. Dahil dito, hindi na kakailanganin pa ng maraming government IDs at mapapabilis pa nito ang mga transaksyon.

Dahil nananatiling isang malaking hamon ang *mobile at internet connection* para sa mga Pilipino, ibinahagi ni Diokno na patuloy nilang ilalapit ang *mainstream technologies* tulad ng *satellite internet* sa mga Pilipino.

Sa pagwawakas ng kaniyang

talumpati, inihayag din ni Diokno kung paano mababago ng *digitalization* ang buhay ng isang ordinaryong mamamayan.

"Sa pagyakap natin sa ating misyong ilapit ang mga pampinansyal na serbisyo sa mga Pilipino, kaya nating mapabuti ang pamumuhay nila lalo na sa panahong ito. Kaya naman sa mga opisyal at mga kawani ng CARD Bank, ipagpatuloy niyo lamang ang maganda ninyong nasimulan," pagwawakas ni Diokno.

Ipagpapatuloy ng konek2CARD ang pagbibigay ng serbisyo nito sa mga komunidad. Hangad nitong magkaroon ng dalawang milyong *registered users* sa pagtatapos ng 2021.

Kwentong Entrepreneur

Mothers know best!

ni Vian Aranza

Bilang isang ina, wala ng ibang gusto si Rhodora Angeles kundi ang pinakamahusay para sa kaniyang pamilya – masustansyang pagkain, maayos na kalusugan, at masayang pamumuhay. Lingid sa kaniyang kaalaman na ang kaniyang hangarin na mapabuti ang kalusugan ng kaniyang anak ay magbubukas ng bagong yugto sa kanilang pamumuhay.

Minsan, sa pagsilip niya sa baon ng kaniyang anak, napansin ni Rhodora ang isang *juice* na pumukaw sa kaniyang interes. Dahil ito ay paborito ng kaniyang anak, nagsaliksik siya sa epekto ng mga sangkap na meron ang *juice* na ito. Dahil halos lahat dito ay naproseso na, hindi ito maganda sa kalusugan. Sinubukan nitong gayahin ang lasa nito gamit lamang ang mga natural na sangkap. Matagumpay niyang nagawa ang kaniyang bersyon ng inumin at nagustuhan ito ng kaniyang anak at pamilya. Dahi dito, ninais pa niya itong mas pasarapin at gawing mas masustansya pa.

Gamit ang malunggay, kalamansi, at luyang dilaw, mas

napaganda niya ang kaniyang *recipe*. Dahil sa ginamit niyang sangkap, mas lalo itong naging masustansya dahil ang malunggay ay tumutulong sa pagbuo at pagpapatibay ng kalamnan, kalamansi na nakapagpapalakas ng resistensya, at luyang dilaw na isang *antioxidant*. Taong 2014 nang matapos niya ang kaniyang sariling *recipe*.

Matanghal

Pinangalanang Trio Juice dahil sa tatlong pangunahing sangkap nito, namigay si Rhodora ng kaniyang gawang juice sa kaniyang mga kasamahan sa simbahan at pati mga kaibigan. Dahil sa positibong pagtanggap ng mga ito, naengganyo siyang ipatikim ito sa mas nakararami. Mula sa kaniyang mga kaibigan, sinubukan niya itong ihanda sa isang *catering service*. Nang magustuhan ito ng mga tao, naisipan niya itong ibenta sa publiko.

Dahil sa kalidad ng Trio Juice, nakaabot ang gawa ni Rhodora sa iba't ibang lugar. Nadala na ang kaniyang Trio

Juice sa mga pista, *malls*, at iba-ibang pagdiriwang. Ilan sa mga lugar na naitampok na ang kaniyang Trio Juice ay sa Parañaque at Mindanao.

Pagkalinga ni Inay

Gaya ng ibang negosyo, natural ang pagharap sa mga problema. Para kay Rhodora, dumating ang panahong kinulang siya sa kapital dahil sa pagbuhos ng mga order. Nagkaroon din siya ng problema pagdating sa lohistika at badyet na mahirap lutasin. Isa pa ang problemang dulot ng pandemya na labis na nagpahirap ng kanilang sitwasyon. Bago mahuli ang lahat, nag-alok ng tulong ang Mga Likha ni Inay (MLNI) upang mapaangat pa ang negosyo ni Rhodora. Sa tulong ng MLNI, naipagpatuloy niya ang kaniyang kabuhayan. Ngayon ay nakapagbibigay siya ng kabuhayan sa 15 pamilya sa kanilang barangay sa Calauan, Laguna. Mas lumaki rin ang merkadong abot ng TRIO Juice dahil sa MLNI.

Nang dahil sa MLNI, napadama ni Rhodora ang kalinga ng isang magulang

sa kaniyang anak sa mas malawak na pamamaraan. Iba talaga ang aruga ng isang ina. Ang pag-aalaga niya sa kaniyang anak ang

nagtulak kay Rhodora upang maging isang negosyanteng sumusuporta sa kapwa niya mga ina sa bansa sa pag-aalaga ng kanilang pamilya.



Masaganang ani

ni Charyl Perez

Ang probinsya ng Quezon ay kilala bilang isa sa may pinakamalalaking lupain ng niyugan sa bansa. Maraming mga lokal dito ang gumagawa ng matataas na kalidad na mga produktong gawa sa niyog tulad ng asukal, tuba, at iba pa. Isa sa mga lokal na residente na nagsusumikap sa paggawa ng tuba (*coconut vodka*) at asukal ay si Matilde Recto, 57-taong-gulang na negosyante at ina sa apat nitong anak.

Nakita ni Matilde ang kasaganahan ng mga puno ng niyog sa kanyang pamayanan. Sa pagsasaliksik sa mga punong ito, nalaman niya na maaari siyang makalikha ng iba't ibang mga produktong gawa rito. “Ang aking asawa ay isang magsasaka ng niyog. Ilang beses ko na ring napagmasdan na maraming mga bahagi ng niyog ang hindi na nila ginagamit. Dito ko napagtanto na magagamit namin ito upang masimulan ang aming negosyo.” Taong 2000 nang simulan nina Matilde at ng kanyang asawa ang kanilang sariling negosyo ng

paggawa ng tuba. “Ang aming pagsisimula ay hindi naging madali. Maihahalintulad ko ito sa pagsakay sa isang *roller coaster*. Minsan nasa taas, minsan nasa ibaba. Napagdaanan namin ang mga tagumpay at kabiguan, pagsubok at mga pagkakamali, ngunit sa suporta at tunay na pagmamahal ng aming pamilya ay nalampasan namin ang lahat ng ito.”

Upang masuportahan ang kanilang negosyo, naghanap si Matilde ng makatutulong na kanya lalo sa aspetong pananalapi. Dito ay nakilala niya ang CARD MRI.

Noong Marso 7, 2002, ay opisyal na naging kasapi si Matilde at nagkaroon ito ng pagkakataong makahiram ng kapital upang patuloy niyang mapatakbo ang kanyang negosyo. “Ang CARD ay kilala sa aming komunidad at dahil sa kanilang pinansyal na suporta ay nakabili ako ng mga kagamitan para sa aming negosyo.” Sa kanilang masaganang tagumpay, napag-

aral ng mag-asawang Recto ang mga anak nila sa kolehiyo. “Sa kabutihang palad, mapalad kami na nakita ng aming mga anak ang aming pagsusumikap upang mabigyan sila ng maginhawang buhay. Kami ay tinulungan nila sa pagpapatakbo at pagpapalago ng aming negosyo.”

Makalipas ang maraming taon, nakipagsapalaran ang mag-asawang Recto. Nagkaroon ng pagkakataong matuto ang mag-asawa tungkol sa paggawa ng asukal mula sa niyog. “Bukod sa tuba, nagpasya kaming gumawa ng asukal na gawa sa niyog. Nagsimula kaming lumikha ng mga sample at nalaman namin na maraming mga mamimili ang nais bumili ng ganitong uri ng produkto. “Upang matiyak na ang kanilang negosyo ay maaaring makipagsabayan sa mas malawak na merkado, nakipagtulungan ang mag-asawang Recto sa Mga Likha ni Inay (MLNI) noong 2018.

Sa kanilang naitatag na pundasyon ay binigyan

ng pagkakataon si Matilde na sumailalim sa serye ng pagsasanay at mga seminar para sa pagpapaunlad ng kanilang produkto. “Sa mga bagong kaalaman at diskarte na natutuhan ko mula sa mga sesyon ng pagsasanay, nagawa naming idisenyo ang aming pakete na maaaring makakuha ng pansin ng mga potensyal na mamimili. Gayundin, napalawak namin ang aming presensya sa maraming lugar sa bansa.”

Ang mag-asawang Recto ay kilala na sa paggawa ngayon ng Coco Vodka, Coco Sugar, Banana Chips, at mgaprosesong karne na matatagpuan sa kanyang tindahan na “Island Gourmet Enterprise”. Ang mga produktong ito ay kabilang sa mga tatak ng lalawigan ng Quezon.

Pagharap sa krisis

Nang kumalat ang COVID-19 sa bansa, maraming mga negosyo ang napilitang itigil ang kanilang operasyon. Gayundin, bilang isang

negosyante, hinarap ni Matilde ang pinakamalaking hamong ito. “Noong nagpatupad ng *total lockdown* ang gobyerno, wala kaming magawa kundi ang sumunod sa mga protokol na ito. Pinag-isipan naming mabuti kung tuluyan na ba naming isasara ang aming negosyo o hahanap ng mabisang solusyon upang makayanan namin ang krisis na ito.”

Natutuhan ng mag-asawang Recto na harapin ang hamon na ito. Ang limitadong transportasyon at kontroladong bilang ng mga manggagawa sa produksyon ay kanilang hinarap. “Isa ito sa matinding hamon sa ating lahat kung kaya’t nagpasya kaming ipagpatuloy ang aming negosyo sa kabila ng mga panganib. Hindi namin inihinto ang aming produksyon habang sinusunod ng buong-buo ang protokol ng kaligtasan at patuloy na nagbibigay ngayon ng mga produkto na nakatutulong sa iba’t ibang mga pamayanan. Ang sumuko ay hindi kailanman isang pagpipilian para sa aming pamilya, “pagtapos ni Matilde.

CARD, Inc.



Commonwealth	17 J. Buick St., Fairview, Quezon City
Coron	Brgy. Poblacion 5, Coron, Palawan
Coron	Nueva St., Barangay Poblacion 6, Coron,Palawan
Cotabato	Ndu Compound, Rosary Heights 2, Cotabato City
Cubao	11-F Ermin Garcia St., Brgy. Pinagkaisahan, Cubao, Quezon City
Culasi	Centro Poblacion, Culasi, Antique
Cuyo	Brgy. Catadman, Cuyo, Palawan
Dagupan	Amado St, Brgy. Tapuac, Dagupan City Pangasinan
Dalaguete	Cambangyao Poblacion, Dalaguete, Cebu
Dapa	Brgy. 3, Dapa, Surigao Del Norte
Dasmarinas	Blk. 13 Lot 37B St. Anthony Village, Salitran 3, Dasmariñas
DAVAO CITY 2	Purok 4 Vicenta Gloria Village, Tibungco, Davao City
Digos	Tienda Aplaya, Digos City, Davao Del Sur
Dipolog	Ikeda Bldg., Katipunan St., Brgy. Miputak, Dipolog City, Zamboanga Del Norte
Dolores	Reynaldo St. Brgy. 2 Poblacion Dolores Eastern Samar
Dulag	Cambula Dulag, Leyte
Dumaguete	Westdrive, Claytown, Daro, Dumaguete City, Negros Oriental
Gapan	Consuelo Extension St., Brgy. Sto. Niño, Gapan City, Nueva Ecija
Gattaran	Centro Gattaran, Cagayan
Gen Mac	Corre St., Brgy. 5 General Macarthur, Eastern Samar
General Santos	#61 Nlsa Road, Lagao, General Santos, South Cotabato
Gingoog	Brgy. 17, Gundaya Gingoog, Misamis Oriental
Glan	Dimo Bldg., Poblacion, Glan, Sarangani Province
Guimba	202 San Roque, Guimba, Nueva Ecija
Gumaca	Brgy. Peñafrancia, Gumaca, Quezon
Hinunangan	Aglipay St., Brgy. Labrador, Hinunangan, Southern Leyte
Iligan	Purok 12, Suddenly St., Canaway, Iligan City, Lanao Del Norte
Iloilo City	Locsin Subdivision, Brgy. Quatero, Jaro, Iloilo City, Iloilo
Imelda	Purok Riverside Poblacion (Santa Fe), Imelda, Zamboanga Sibugay
Inabanga	Ilaud, Inabanga, Bohol
Ipil	Purok Mauswagon, Lower Taway Ipil, Zamboanga Sibugay
Isabela	Riverside,Isabela City,Basilan
ISABELA 1	Osmeña, Ilagan City, Isabela
Isulan	Peneza St., Kalawag 2, Isulan, Sultan Kudarat
Jagna	Bunga Mar, Jagna, Bohol
Jolo	Blk 7 Lot 12 Buyon St., San Raymundo, Jolo, Sulu
Kabacan	Mantawil St., Poblacion, Kabacan, North Cotabato
Kabankalan	Rizal St., Brgy. 9, Kabankalan City, Negros Occidental
Kalibo	Bayanihan Road, Andagaw Kalibo, Aklan
Kiamba	Palmera Poblacion, Kiamba, Sarangani Province
Kibawe	Purok 3, West Kibawe, Poblacion Kibawe, Bukidnon
Kidapawan	#033 Roldan’S Apartment, Perez Street, Poblacion, Kidapawan, North Cotabato
Koronadal	Marañon, Blk 8 Zone III, Koronadal 1, South Cotabato
Kumalarang	Godilla L. Poliran Bldg., San Francisco Poblacion, Kumalarang, Zamboanga Del Sur
Labo	Bautista St., Kalamunding Labo, Camarines Norte
Lagonoy	Nicolas Rivero St., San Rafael Lagonoy, Camarines Sur
Laguindingan	Zone 9, Poblacion, Laguindingan, Misamis Oriental
Lebak	Poblacion 1, Lebak, Sultan Kudarat
Legazpi	G/F Perete Arbel U. Bldg., E. Uy Subdivision, Cabangan East, Legazpi City, Albay
Libungan	Tandang Sora St., Poblacion Libungan, North Cotabato
Ligao	Soledad St., Guilid, Ligao City
Liloan	Poblacion, Liloan, Southern Leyte

CARD, Inc.		CARD <i>Sulit</i> Padala	
Liloy	Baybay, Liloy, Zamboanga Del Norte		
Lucena	Bonifacio Drive, Pleasantville Subd., Brgy. Ilayang Iyam, Lucena City, Quezon		
Lupon	Blk 4 Townsite, Poblacion, Lupon, Davao Oriental		
Maigo	Purok 3, Poblacion, Maigo, Lanao Del Norte		
Makati	4470- C Barasoain St., Brgy. Olympia, Makati City		
Malaybalay	Flores Subdivision, Sumpung Malaybalay, Bukidnon		
Malita	Concepcion Res. Relocation, Poblacion, Malita, Davao Occidental		
Mandaue City	H. Abellana Ext., San Miguel Village Phase 1, Basak, Mandaue City Cebu		
Mandaue City	MI, Quezon St., Casuntingan, Mandaue City, Cebu		
Manjuyod	Aglipay St., Poblacion, Manjuyod, Negros Oriental		
Maramag	Purok 5, South Poblacion, Maramag, Bukidnon		
Marcos	Sitio North Parola, Brgy. Lydia Marcos, Ilocos Norte		
Marihatag	Purok Alegria, Poblacion, Marihatag, Surigao Del Sur		
Marinding	Purok Indian Tree, Maranding, Lala, Lanao Del Norte		
Masbate City	Ibañez St., Kalipay (Pob.), City of Masbate (Capital), Masbate		
Mati	Jasmin St., Don Luis Village, Central Mati City, Davao Oriental		
Matina 1	Nancy Apartment, Tinikling St. Lanzona Subd. Matina, Davao City		
Midsayap	Purok Madasigon, Lower Katingawan, Midsayap, North Cotabato		
MINDORO 3	Daneil St. Pag asa, San Jose Occidental, Mindoro		
Molave	Curayag Apartment, Mabini St., Maloloy-On, Molave, Zamboanga Del Sur		
Nabunturan	Purok 10, Poblacion, Nabunturan, Davao De Oro		
Naga	Purok Ungol, Barangay Kalubihan, Tuyan City Of Naga Cebu		
Narra	Camia St., Poblacion, Narra, Palawan		
Narvacan	Clarín St., Sta. Lucia, Narvacan, Ilocos Sur		
Naval	Caneja Ext., P.I Garcia, Naval, Biliran		
Negros Oriental 4	Sitio Batera, Brgy. Poblacion, Guihulngan City, Negros Oriental		
Novaliches	#1 Lot 1 Block 1, Maligaya St., Joyville Subd., Sauyo Road, Novaliches, Quezon City		
Odiongan	Brgy. Tabing-Dagat, Odiongan, Romblon		
Ormoc	Valle St., Doña Feliza Z. Mejia, Ormoc City, Leyte		
Oroquieta	1 Jennifer T. Iyog Bldg., Rizal St., Upper Loboc, Oroquieta City, Misamis Occidental		
Ozamiz	Purok 5, Bonifacio Extension Aguada, Ozamis City, Misamis Occidental		
Paco	1246 Syson St., Brgy. 671, Zone 73, Paco, Manila		
Padada	Quirino Street, Quirino District, Padada, Davao Del Sur		
Pagadian	Corner Urro & Sabado Street, Sta. Maria, Pagadian City		
Pagsanjan	General Luna St., Maulawin, Pagsanjan		
Palapag	Brgy. Tinampo, Poblacion, Palapag, Northern Samar		
Paniqui	#15 Luna St., Poblacion, Sur Paniqui, Tarlac		
Pantukan	Prk. Mahigalaon, King King(Pob), Pantukan, Compostela Valley Province		
Parang	Market Site Sarmiento, Parang, Maguindanao		
Pasig	133N Saudi Comp., Pag-Asa St., Caniogan, Pasig City, Metro Manila		
Passi	Monfort Avenue, Sablogon, Passi City, Iloilo		
Pasuquin	Poblacion 3, Pasuquin, Ilocos Norte		
Pili	Zone 5, Tagbong, Pili, Camarines Sur		
Pinamalayan	Bonifacio St., Remerco Subdivision, Zone II (Pob.), Pinamalayan, Oriental Mindoro		
Placer	Brgy. Magsaysay, Placer, Surigao Del Norte		
Plaridel	Leonardo St., Parulan, Plaridel, Bulacan		
Polillo	Purok 1 Tanglaw, Brgy. Sibulan, Polillo, Quezon		
Polomolok	Blk 10, Kaunlaran Subd., Poblacion, Polomolok, South Cotabato		
Pontevedra	Prk. Perez, Brgy. 2, Pontevedra, Negros Occidental		
Pozorrubio	Alipangpang, Pozorrubio, Pangasinan		
Puerto Princesa	National Highway, Brgy. San Jose, Puerto Princesa City		
Quezon	Vicente Pagayona St., Alfonso XIII, Quezon,Palawan		

CARD, Inc.



QUEZON 3	Brgy. 9 Catanauan, Quezon
Quirino	#37 Malvar St., Brgy. Bagumbuhay, Project 4, Quezon City
Roxas	Brgy. 4, Roxas, Palawan
Roxas City	Capritcho 2, Tanque Roxas City, Capiz
Salay	Zone 4, Casulog Salay Misamis Oriental
San Carlos	Zenia St., San Julio Subd., Brgy. Ii, San Carlos City, Negros Occidental
San Fernando	Zone 1, Brgy. Rizal, San Fernando, Camarines Sur
San Fernando	Zone 1, Gaetos Bldg., Lingsat, San Fernando, La Union
San Francisco	P-6, Brgy. 2, San Francisco, Agusan Del Sur
San Fernando	St. Bernadette Heights, Del Rosario, San Fernando City
San Jose	Atabay, San Jose De Buenavista, San Jose, Antique
San Juan	Bannuar, San Juan, Ilocos Sur
San Miguel	Po. San Miguel, Zds
San Pablo City	20 M.L Quezon St., City Subdivision, San Pablo City Laguna
San Roque	Brgy. Zone 1, San Roque, Northern Samar
Sanchez Mira	Cabuyadao St., Centro 2, Sanchez Mira, Cagayan
Santiago	Roque street, Centro West, Santiago City, Isabela
Sara	Anoring, Sara, Iloilo
Shariff Aguak	Mother Poblacion, Shariff Aguak, Maguindanao
Siaton	Poblacion 1, Siaton, Negros Oriental
Silay	Fortuna Subd., Brgy 5., Negros Occidental
Sipalay	Brgy. 2, Poblacion, Sipalay City, Negros Occidental
Sipocot	Fabricante St., South Centro, Sipocot, Camarines Sur
Sogod	Rizal, Sogod, Southern Leyte
Solana	134 Aguinaldo St., Centro South East Poblacion, Solana, Cagayan
Solsona	Brgy. Juan, Solsona, Ilocos Norte
Sta. Maria	Pino St., Sagad Sta. Clara Sta. Maria, Bulacan
Sto. Tomas	#35 Dp Canlas San Matias Sto. Tomas Pampanga
Surallah	Camia St., Zone 2, Libertad, Surallah, South Cotabato
Surigao	Purok Gumamela St., Kaskag, Brgy. Washington, Surigao City
Tacloban	Brgy. 59-A, Sampaguita Village, Tacloban City, Leyte
Tagbilaran	140 Upper Mansasa District Tagbilaran City, Bohol
Tagoloan	J.P Rizal St., Poblacion, Tagoloan, Misamis Oriental
Tagudin	Brgy. Quirino, Tagudin, Ilocos Sur
Tagum	Purok Suaybaguio B, Magugpo North, Tagum City
Talacogon	P-Macopa, San Isidro, Talacogon, Agusan Del Sur
Talibon	San Jose, Talibon, Bohol
Tanay	Ft. Catapusan St., Brgy. Plaza, Aldea Tanay, Rizal
Tandag	Prk. Neptune Telaje, Tandag, Surigao Del Sur
Tarlac City	191 Rizal St., San Miguel, Tarlac City
Tawi- Tawi 1	Diansuy Bldg. Pag-asa, Bongao, Tawi-Tawi
Taytay	Abongan, Taytay, Palawan
Taytay	Montevista, Poblacion, Taytay Palawan
Taytay	Velasques St., Don Juan, Antipolo, Rizal
Tetuan	Don Totibio, Tetuan, Zamboanga City, Zamboanga Del Sur
Trece Martires	Blk 2 Lot 21 , Quintana Executives Homes, Brgy. San Agustin, Trece Martires, Cavite
Trento	Purok 8, Poblacion, Trento, Agusan Del Sur
Tubigon	Pooc Oriental, Tubigon, Bohol
Tuguegarao	Taguam Apartment, Caritan Highway, Caritan Centro, Tuguegarao City, Cagayan
Ubay	Colis St., Poblacion, Ubay, Bohol
Valencia	Pepito St., Purok 15 Tn, Poblacion, Valencia Bukidnon
Virac	Purok 3, Sta. Elena, Virac, Catanduanes

CARD, Bank		CARD Sulit Padala	
Agoo	Sta. Barbara, Agoo, La Union		
ALAMADA BLU	Brgy. Mirasol, Alamada, North Cotabato		
Alaminos	Corner C.P. Garcia and L. Rivera St., Poblacion, Alaminos City, Pangasinan		
ANTEQUERA BLU	Brgy Can Omay, Tagbilaran, Bohol		
Aroroy	Brgy. Poblacion, Aroroy, Masbate		
Atimonan	Doña Aurora St., Zone 1, Atimonan, Quezon		
BACLAYON BLU	L Oppus St., Poblacion, Tagbilaran, Bohol		
Baguio	#15 Palma St., Brgy. Palma-Urbano, Baguio City		
Balangiga	Brgy. 06, Balangiga Eastern , Samar		
BALENO 1 BLU	Albao St., Poblacion, Aroroy, Masbate		
BALENO 2 BLU	Licup St., Aroroy, Masbate		
BALILIHAN BLU	Del Carmen Sur, Tagbilaran, Bohol		
Bangued	NMK Bldg., Mc Kinley St., Zone 7, Bangued, Abra		
Bangued	Nmk Bldg., Mc Kinley St., Zone 7, Bangued, Abra		
BARBAZA BLU	Maghari St., Poblacion, Culasi, Antique		
Barleta	Barleta St., Brgy. IV-C, (Pob.), San Pablo City, Laguna		
Barotac Nuevo	Siatong St., Ilaud Poblacion, Barotac Nuevo, Iloilo 5007		
BATUAN BLU	Poblacion, San Fernando, Masbate		
Bay	J. P. Rizal Avenue, Brgy. San Agustin, Bay, Laguna		
Baybay	389 M. L. Quezon St., Zone 18, Brgy. Gregorio Loreto Sr., BayBay City, Leyte 6521		
Boracay	Brgy. Balabag, Boracay, Malay, Aklan		
Borongan	E. Cinco St., Brgy. C, Borongan City, Samar		
Buhangin	Nst Building Km. 5, Buhangin Road, Davao City		
Calapan	162-A Bonifacio Drive, Ilaya, Calapan City		
Calauag	Declaro St., Brgy. Pinagtalleran, Calauag, Quezon		
CALINOG BLU	BRGY. SIMSIMAN, CALINOG, LOILO		
Candelaria	Gonzales Street, Poblacion, Candelaria, Quezon		
Candon	Block 6, San Juan St., Brgy. San Jose, Candon City, Ilocos Sur		
Cataingan	Gen. Luna St., Cor. Mabini St., Poblacion, Cataingan, Masbate		
CATAINGAN 2 BLU	Brgy Curvada, Cataingan, Masbate		
CATAINGAN 3 BLU	Brgy Madamba, Cataingan, Masbate		
CATAINGAN 5 BLU	Brgy Pawican, Cataingan, Masbate		
CATANAUAN 1 BLU	M H Del Pilar St., Mulanay, Quezon		
CATANAUAN 2 BLU	Brgy 8 Catanauan, Mulanay, Quezon		
CATANAUAN 3 BLU	Brgy 2 Pob, Mulanay, Quezon		
CATANAUAN 4 BLU	Brgy San Isidro, Mulanay, Quezon		
Catbalogan	208 Curry Avenue, Brgy. 5, Catbalogan City, Samar		
CATICLAN BLU	Caticlan, Boracay, Aklan		
CATMON BLU	Catmondaan, Danao, Cebu		
CAWAYAN 1 BLU	Divisoria Cawayan, Dimasalang, Masbate		
CAWAYAN 2 BLU	Brgy Malbug, Dimasalang, Masbate		
CAWAYAN 3 BLU	Poblacion, Dimasalang, Masbate		
CAWAYAN 4 BLU	Naro, Dimasalang, Masbate		
CAWAYAN 5 BLU	Brgy Pena, Dimasalang, Masbate		
CAWAYAN 6 BLU	Brgy Looc, Dimasalang, Masbate		
CORELLA BLU	Sambog, Tagbilaran, Bohol		
Culasi	Cadioa St., Centro Sur, Culasi Antique		
Daet	Magallanes cor. J. Lukban St., Daet, Camarines Norte		
Danao	Beatriz Village, Poblacion, Danao, Cebu		
DAUIS BLU	Poblacion, Tagbilaran, Bohol		
Davao	Door 2, Caredo Bldg., Magallanes St., Brgy. 2-A, Davao City		
Dimasalang	Poblacion, Dimasalang, Masbate		

CARD, Bank



DIMASALANG 2 BLU	Brgy Banahao, Dimasalang, Masbate
Dolores	Brgy. Bagong Anyo, Dolores, Quezon
DON MARCELINO BLU	Poblacion, Don Marcelino, Davao Occidental
Duenas BLU	Pob. A, Duenas, Iloilo
Dumalag BLU	Pob. Dumalag, Dumalag, Capiz
Dumarao BLU	22 Horison st., Pob Ilawod, Dumarao, Capiz
Esperanza BLU	Brgy Labangtaytay, Cataingan, Masbate
Estancia	Brgy. Tabu-an, Estancia, Iloilo
Gasan	San jose St., Brgy. Uno Gasan, Marinduque
Gen Macarthur BLU	Brgy 2, Balangiga, Eastern Samar
Goa	Madrigal Bldg., San Juan Evangelista, Goa, Camarines Sur
Guiuan	Lugay St., Brgy. 4, Guiuan, Eastern Samar
Gumaca	M. L. Quezon St., Brgy. Maunlad, Gumaca, Quezon
IBAJAY BLU	Poblacion, Boracay, Aklan
Iloilo	Quezon St., Brgy. Sampaguita, Iloilo City
Infanta	Bonifacio St., Brgy. Polacion 1, Infanta, Quezon
Janiuay BLU	Aquino Nobleza East, Janiuay, Iloilo
Jordan, Guimaras	San Miguel, Jordan, Guimaras
Kabacan	Rizal Avenue, National Highway, Kabacan, North Cotabato
KAPANGAN BLU	Brgy Lomon Paykek, La Trinidad, Benguet
Kidapawan	UCS Bldg. Quezon Boulevard, Kidapawan City, North Cotabato 9400
La Trinidad	FA-273-A Jewel Igorot Bldg. Km. 4, Balili, La Trinidad Benguet
La Trinidad 7 BLU	Jb 012 Km 4 Pico, La Trinidad, Benguet
Labo	Purok 4, Bautista St., Brgy. Kalamunding Labo, Camarines Norte
Lambunao A BLU	Brgy. Tranghawan, Lambunao, Iloilo
Laoag	Gen. Segundo Ave., Brgy 13, Laoag City, Ilocos Norte
